# KAHALAGAHAN NG TUNOG SA PAGPAPABASA

*by:*
**Raquel S. Calma**
*Master Teacher II, Sisiman Elementary School*

Pagbasa…..isa sa mga kasanayan na dapat makuha ng mga mag-aaral sa mura nilang edad sa paaralan. Ayon sa DepEd Memorandum No. 173 , s.2019 na kailangan matuto bumasa ang mga mag-aaral ayon sa kanilang baitang. Subalit nagkaraoon ng malaking pagkukulang ang paaralan noong nakaraan dalawang taon dahil sa pandemic. Maraming mag-aaral ang naging problema ang pagbabasa at nang pumasok ang taong panuruang 2022-2023, naranasan ng mga guro ang malaking problema sa pagbabasa kahit ito ay pumasa sa nakaraang baitang. Sa malawak na pakikipag-ugnayan at pagtutulungan ng mga magulang at guro, iba't-ibang paraan at estratihiya ang ginawa upang matugunan ang malaking problema sa pagbabasa.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa halos mahigit dalawampung taon ko sa pagtuturo (10 taon grade 5 at 10+taon sa grade 3), masasabi kong mahirap magturo kapag ang bata ay may kakulangan sa pagbabasa o hindi marunong bumasa. Masakit tanggapin pero tayo bilang isang guro ay may malaking ambag sa pagbabasa ng mga bata.

Paano ba tayo magturo ng pagbabasa? Ang mga guro ay mayroon kanya kanyang estilo ng pagtuturo ng pagbabasa. Sa daming lumalabas na programa ng ating departamento (DepEd), bakit mayroon pa ring kakulungan. Masasabi ko lang na dapat bilang isang guro, tayo ay nakahanda sa lahat ng pagbabago sa mga tinuturuan natin. Hindi tayo dapat masunod para matuto ang ating mga mag-aaral bagkus, maging malikhain tayo at aralin mabuti ang mga programa sa ating paaralan.

Isa sa may pinakamagandang bunga sa pagkatututo ng bata sa pagbabasa ay ang sinasabi nating Marungko Approach. Ang Marungko Approach ay isang

pamamamaraan sa pagtuturo ng pagbasa sa panimulang baitang ng pag-aaral. Sa pamamagitan ng pamamaraan nito, itinuturo sa mga mag-aaral ang tunog ng mga alpabeto. Ito ay hindi nakabatay sa pagkakasunod-sunod ayon sa alpabetong Filipino. Napakahalaga sa parte ng guro na alam ang bawat tunog ng letra sapagkat nasa kanyang palad ang ikatututo ng kaniyang mag-aaral. Tunog na kung saan magiging daan upang maging magaling bumasa ang mga mag-aaral.

Ako bilang isang guro, ginagawa ko ang pagtutunog sa mga letra sa aking mga mag-aaral, mahirap sa simula, pero paglipas ng panahon mahahasa ka din sa pagtutunog. Ang mahalaga ay maibigay mo ang wastong tunog. Maari rin naman tayong kumuha sa mga online site ng tunog basta siguraduhin nating wasto ang tunog at huwag nating hayaan na ang laptop, computer o telebisyon lang ang maging daan para maibigay sa kanila ang wastong tunog. Tayo ay guro, nasa sa ating kamay ang pag-asa ng karunungan at magiging kinabukasan ng ating mag-aaral.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

https://www.deped.gov.ph/2019/11/22/november-22-2019-dm-173-s-2019-hamon-bawat-bata-bumabasa-3bs-initiative/
https://www.teachpinas.com/marungko-approach-reading-materials-pdf-booklets/